

PROLOGUE

“Your Irish luck has run out this time, lad,” ani Eamon na tinapik ang balikat ng anak. “You need money? Work for it!”

Awang ang bibig ni Tyrone habang pinapanood ang ama na lumalakad palayo sa kanya. Hindi niya mapaniwalaan ang nangyari. Ibig bang sabihin niyon ay pinuputol ng kanyang mga magulang ang allowance niya? No! Hindi maaaring mangyari ang bagay na iyon!

More than anything else, he needed money.

Mayroon silang lakad na magkakabarkada at kailangan niyang i-advance ang tatlong buwan niyang baon sa eskuwela.

“Dad, wait!” Tumayo siya mula sa sofa at hinabol ang ama na sa mga sandaling iyon ay papalabas na sa garahe. “This is the last time, Dad! Please give me my three months allowance.”

“You’ve said that a thousand times, lad. I don’t believe you anymore,” walang lingon-likod na tugon ng daddy niya. Sumakay ito ng kotse nang hindi man lang tinatanong kung bakit kailangan niya ang pera.

“Dad, please!” nakikiusap niyang sabi. Ngunit hindi na siya pinansin ng kausap. Iminuwestra nito sa driver na paandarin ang kotse, hanggang sa maiwan siya na walang nagawa kundi

Heartbreaker Aboard - Lorry Virgo

tanawin ang sasakyang palabas ng garahe.

“You can’t do this to me! I’m your only son!” pahabol na sigaw niya.